



NDIS Quality
and Safeguards
Commission

Sinikap naming matiyak ang pagiging madaling paggamit (usability) at pag-access (accessibility). Kapag nakakaranas ka ng mga isyu sa pag-access, mangyaring makipag-ugnay sa engagement@ndiscommission.gov.au.



Issue 4: Tagsibol (Spring) 2021

Isang newsletter para sa mga taong may kapansanan, iyong mga kaibigan, pamilya, tagapagtaguyod at ang komunidad.

Mangyaring ipamahagi ang newsletter na ito sa mga taong may kapansanan sa iyong network – halimbawa, kung ikaw ay isang tagapagbigay ng NDIS o manggagawa na sumusuporta sa isang taong may kapansanan, o isang tagapagtaguyod, tagapag-alaga, kaibigan o miyembro ng pamilya ng isang taong may kapansanan.

Pagbabakuna laban sa COVID-19

Ang pagbabakuna ay maaaring maprotektahan ang iyong kalusugan, at ang kalusugan ng mga nasa paligid mo. Lahat ng mga kalahok sa NDIS na may edad na 16 taon at pataas ay karapat-dapat para sa bakunang laban sa COVID-19.

Maaari kang makipag-usap sa iyong tagapagbigay ng NDIS tungkol sa pagpapabakuna, o humiling sa kanila ng tulong upang magkaroon o dumalo sa isang appointment upang mabakunahan.

Sumulat kami sa lahat ng mga nakarehistrong tagapagbigay ng NDIS tungkol sa kanilang mahalagang tungkulin sa pagsuporta sa iyo na makagamit ng wasto at pati na rin ang pagsuporta sa iyo na mabakunahan kung kailangan mo ng suporta upang magawa ito.

Maaari mo ring makipag-usap sa iyong GP o doktor tungkol sa pagpapabakuna, magpunta sa [Tagahanap ng Klinika sa Pagbabakuna laban sa COVID-19 ng Department of Health](#) o makipag-ugnay sa Pambansang Helpline ng Pagbabakuna Laban sa Coronavirus at COVID-19 (National Coronavirus and COVID-19 Vaccination Helpline) sa 1800 020 080.

Kung nangangailangan ka ng tulong upang makapagpalista para sa isang bakuna laban sa COVID-19 o nangangailangan ng libre, sinuri ang katotohanan (fact-checked) na impormasyon at payo tungkol sa COVID-19 – magpunta sa website na [Disability Gateway](#) o tumawag sa 1800 643 787. Ang linya sa telepono ng Disability Gateway ay magagamit Lunes hanggang Biyernes, ika-8 ng umaga hanggang ika-8 ng gabi AEDT.

Ang mga taong nangangailangan ng impormasyon sa isang wikang maliban sa Ingles ay maaaring tumawag sa Translating and Interpreting Service sa 131 450, at hilingin na ikonekta sa Disability Gateway.

Ang mga taong bingi o may kapansanan sa pandinig o pagsasalita ay maaaring tumawag sa National Relay Service sa 1800 555 677 at hilingin na ikonekta sa Disability Gateway.

Karagdagang impormasyon tungkol sa pagbabakuna ay makukuha rin sa [website ng Department of Health](#), kabilang ang mga mapagkukunang [Easy Read](#) at [Auslan](#).

Pagbabakuna laban sa Covid-19 para sa mga manggagawa ng NDIS

Ang lahat ng mga tagapagbigay at manggagawa ng NDIS ay masidhing hinihimok na magpabakuna. Karapatan mo ang humingi ng mga nabakuhahang manggagawa kung iyan ang iyong kahilingan.

Ilang mga estado at teritoryo ay inanunsyo ang sapilitang pangangailangan na mabakunahan laban sa COVID-19 para sa mga manggagawa, kabilang ang mga manggagawa sa may kapansanan. Maaari mong higit pang malaman ang tungkol sa mga pangangailangang ito sa [impormasyon sa bakunang laban sa COVID-19 para sa mga taong may kapansanan](#) na page sa aming website.

Paano makakuha ng katibayan ng iyong pagbabakuna laban sa COVID-19

Maaari na kailanganin mo ng katibayan na nakatanggap ka ng iyong pagbabakuna laban sa COVID-19. Maaari kang makuha ng isang COVID-19 digital certificate o ang iyong immunisation history statement (ulat ng kasaysayan ng imunisasyon) upang maipakita ang katibayan ng iyong mga pagbabakuna.

Ang website ng [Services Australia](#) ay mayroong iba't-ibang impormasyon upang matulungan kang gumawa ng iyong online account upang ma-access at itabi ang iyong katibayan ng pagbabakuna.

Kung hindi ka makakakuha ng katibayan sa online, ang iyong tagapagbigay ng pagbabakuna ay maaaring mag-print ng iyong immunisation history statement para sa iyo.

Maaari ka ring tumawag sa Australian Immunisation Register sa **1800 653 809** at hilingin sa kanila na ipadala ang iyong immunisation history statement o COVID-19 digital certificate sa iyo. Maaaring tumagal ng hanggang 14 na araw bago makarating ang iyong statement o certificate mula sa koreo.

Maaari mo ring hilingin mula sa iyong tagapagbigay ng NDIS na matulungan kang makakuha ng iyong katibayan ng pagbabakuna.

Code of Conduct (Alituntunin sa Pag-uugali) ng NDIS – Paggalang sa mga indibidwal na karapatan

Sa edisyong Taglamig 2021 ng SAFEGuard, nangako kaming tutukan ang isang bahagi ng [NDIS Code of Conduct](#) para sa bawat darating na edisyon.

Ang Code of Conduct ng NDIS ay isang hanay ng mga patakaran tungkol sa kung paano dapat kumilos ang iyong mga tagapagbigay at manggagawa kapag sinusupportahan ka nila at ang mga bagay na dapat nilang gawin upang matiyak na ligtas ka.

Sa edisyong ito, tututukan namin ang unang patakaran, na kung saan ang iyong mga tagapagbigay at manggagawa ay dapat na **kumilos nang may paggalang sa mga indibidwal na karapatan sa pagpapahayag, pagpapasya sa sarili, at paggawa ng desisyon alinsunod sa mga nauugnay na batas at kasunduan.**

May karapatan kang magdesisyon, na maging malayang mamuhay sa buhay na iyong pinili, at magkaroon ng parehong mga karapatan at kalayaan na katulad ng ibang mga miyembro ng komunidad.

Ibig sabihin nito na kung ikaw ay isang matanda na may kapansanan, dapat kang makakuha ng suportang iyong kinakailangan upang makagawa ng anumang desisyon at mayroon kang karapatan na piliin kung sino ang maaari o hindi maaaring tumulong sa iyo na gumawa ng anumang ibinigay na desisyon.

Ang mga manggagawa ay dapat na direktang makipagtulungan sa iyo hangga't maaari. Dapat nilang tanungin sa iyo tungkol sa sino, kung mayroon man, ang gusto mong isama sa mga desisyon at talakayan tungkol sa iyong mga serbisyo at suporta.

Kung mayroon kang isang ligal na tagapag-alaga, ang mga manggagawa ay dapat na maging malinaw sa mga desisyon kung saan kailangan nilang isama ang iyong ligal na tagapag-alaga. Gayunpaman, may obligasyon pa rin ang mga manggagawa na siguraduhing mayroon silang kapasidad na makinig at sumuporta sa iyong mga desisyon.

Para sa mga bata at kabataan, ang mga pamilya ay mayroon ring isang mahalagang tungkulin. Sa mga maagang taon, ang mga manggagawa ay dapat na makipagtulungan sa mga pamilya upang maunawaan ang mga kalakasan, interes at pangangailangan ng isang bata, at suportahan ang mga ito sa kanilang tungkulin na pag-aalaga. Habang lumalaki ang isang bata, sila ay magiging mas masasangkot sa paggawa ng desisyon. Dapat na isali ng mga manggagawa ang mga bata at kabataan sa mga desisyon na makakaapekto sa kanila sa mga paraang nararapat sa kanilang gulang at yugto ng pag-unlad.

Kung sa palagay mo ay may isang tao na hindi nakakatugon sa mga patakarang ito, maaari kang [magreklamo sa amin](#).

Pag-uusisa sa mga aspeto ng sinusupportahang tirahan

Kamakailan ay naglunsad kami ng isang [bagong pag-uusisa](#) upang siyasatin ang naiulat na mga insidente at reklamo na naganap na may kaugnayan sa mga suportadong serbisyo sa tirahan.

Ang Pag-uusisa ay inilunsad ng aming Acting Commissioner at tututok sa isang maliit na bilang ng mga tagapagbigay na siyang mga malaking tagapagbigay ng suportadong tirahan sa buong Australya.

Kikilalanin ng Pag-uusisa ang mga direksyon sa mga isyu at insidente na nagaganap sa mga suportadong tirahan, at mga dahilan na maaaring humantong sa mga ito.

Tutukuyin din nito ang mga modelo para sa paghahatid ng suportadong tirahan na nagpapakita ng pinakamahusay na kasanayan na maaaring patungo sa mas mahusay at mas ligtas na suportadong serbisyo sa tirahan para sa mga taong may kapansanan.

Si G. Arthur Rogers PSM ay itinalaga upang pamunuan ang Pag-uusisa. Maaari mong basahin ang tungkol sa kanya at sa Pag-uusisa sa aming [website](#).

Pagsuporta sa mabisang komunikasyon na kasama ka

Ang mabisang komunikasyon ay nagpapatibay sa iyong karapatan na magkaroon ng pagpili at kontrol at gumawa ng mga desisyon sa iyong buhay. Ang mga manggagawa ng NDIS ay mayroong obligasyon sa ilalim ng NDIS Code of Conduct upang suportahan at bigyan-daan ang mga tao na ipahayag ang kanilang sarili, marinig at maging ligtas.

Upang matulungan ang mga manggagawa ng NDIS na mas mabuting maunawaan – mula sa pananaw ng mga kalahok ng NDIS – kung paanong pinakamahusay na suportahan ang mabisang komunikasyon, bumuo kami ng isang bagong e-learning module para sa mga manggagawa ng NDIS.

Ipinapakita ng module na ito kung ano ang hitsura ng mabisang komunikasyon, at kung paano nito sinusuportahan ang pagpili at kontrol. Ito ay kasamang idinesenyo at binuo na may konsultasyon sa sektor, kabilang ang mga taong may kapansanan at mga tagapagbigay ng NDIS at mga manggagawa.

Ang module ay libre at makukuha ng sinuman, na tumatagal ng humigit-kumulang na 60-90 minuto na makumpleto. Ang module ay makukuha sa

<https://www.ndiscommission.gov.au/workers/supporting-effective-communication>

Bagong mga mapagkukunan para sa mga kalahok na Aborihinal at Torres Strait Islander

Ang aming [Participant Information Pack](#) at [mga postkard ng NDIS Code of Conduct](#) ay makukuha na ngayon sa bagong mga bersyon na partikular na idinisenyo para sa mga Aborihinal at Torres Strait Islander na may kapansanan.

Ang mga bagong mapagkukunan ay binuo ng isang kumpanya na pagmamay-ari ng Aborihinal na kumunsulta sa mga Aborihinal at Torres Strait Islander na may kapansanan at mga manggagawa ng NDIS. Kasama rito ang mga disenyo ng isang Aborihinal na pintor at mga larawan mga Aborihinal at Torres Strait Islander na may kapansanan.

Ang mga mapagkukunan ay ipinapaliwanag ang iyong mga karapatan, kung paano magpasiya ng kalidad at ligtas na mga pagsuporta, at kung paano gumawa ng isang reklamo sa amin. Maari mong hanapin ang mga bagong mapagkukunan sa aming [website](#).

Bagong mga Pamantayan para sa mga tagapagbigay upang gawing mas ligtas ang mga pagsuporta

Ang [NDIS Practice Standards and Quality Indicators](#) (Pamantayan sa Pamamaraan at Tagapaghiwatig ng Kalidad ng NDIS) ay kasalukuyang binabago upang maisama ang mga bagong pangangailangan para sa mga tagapagbigay ng NDIS sa paghahatid ng ligtas at kalidad na pagsuporta para sa mga taong may kapansanan na nangangailangan ng matinding suporta sa dysphagia (kahirapan sa paglunok), suporta sa oras ng pagkain, at suporta sa panahon ng mga emerhensiya at sakuna, tulad ng pandemyang COVID-19.

Kasama ng [NDIS Code of Conduct](#), ang NDIS Practice Standards ay tutulong na itaas ang kamalayan ng mga kalahok sa NDIS sa kalidad ng ibinigay na serbisyo na dapat nilang asahan mula sa mga nakarehistrong tagapagbigay ng NDIS. Ang mga nakarehistrong tagapagbigay ay kinakailangang matugunan ang mga Code at Practice Standard.

Ang bagong Mealtime Management and Severe Dysphagia Management Practice Standards (Pamantayan sa Pamamaraan ng Pangangasiwa sa Oras ng Pagkain at Pangangasiwa sa Matinding Dysphagia) ay mangangailangan sa mga tagapagbigay na siguraduhing ang mga kalahok ng NDIS ay nabibigyan ng mga masustansyang pagkain na may wastong pagkakayari at ibinigay sa paraang naaangkop sa kanilang mga pangangailangan at kagustuhan. Magkakaroon din ng isang bagong high intensity skills descriptor para sa Severe Dysphagia Management na naglalarawan sa mga uri ng kasanayan at kaalaman na kinakailangan ng mga manggagawa upang makapagbigay ng mga mas kumplikadong pagsuporta sa pagkain at pag-inom.

Ang bagong Emergency and Disaster Management Practice Standard (Pamantayan sa Pamamaraan ng Pangangasiwa sa Emerhensiya at Sakuna) ay magtatakda sa mga obligasyon ng mga nakarehistrong tagapagbigay ng NDIS sa pagpapanatili ng kalusugan, kabutihan at kaligtasan ng mga kalahok ng NDIS sa panahon ng patuloy na pandemyang COVID-19, o mga hinaharap na emerhensiya o sakuna, tulad ng mga bush fire o pagbaha.

Ang bagong NDIS Practice Standards and Quality Indicators ay binuo na may konsultasyon sa mga pangunahing stakeholderkabilang ang mga taong may kapansanan, tagapagbigay ng NDIS, mga pang-akademya at iba pang mga dalubhasa sa industriya, at mga Pamahalaang Estado at Teritoryo.

Maaari mong malaman ang iba pang mga impormasyon tungkol sa bagong [NDIS Practice Standards and Quality Indicators](#) at kung kailan maging magkabisa ang mga ito sa aming website.

Mga bagong mapagkukunan na sumusuporta sa positibong pag-uugali

Ang mga bagong [mapagkukunan](#) ay maaari nang magamit upang suportahan ang mas malaking paggamit sa pagsuporta ng positibong pag-uugali para sa mga taong may kapansanan.

Ang Tele Positive Behaviour Support (TelePBS) ay isang paraan upang makapagbigay ng napapanahon at kalidad na serbisyo sa pagsuporta ng pag-uugali mula sa malayo. Maari itong magamit upang mapabuti ang iyong pagkuha ng mga serbisyong pagsuporta sa positibong pag-uugali kung ikaw ay nakatira sa isang lugar na apektado ng mga paghihigpit ng COVID-19 o kung ikaw ay nakatira sa isang rural o malayong lugar.

Ang mga bagong mapagkukunan ay nagpapaliwanag kung ano ang TelePBS. Ang mga ito ay maaaring magamit upang makatulong sa iyo na magpasya kung ang TelePBS ay tama para sa iyo at upang makipag-usap sa iyong tagapagbigay ng suporta sa pag-uugali tungkol sa paano mo maaaring magamit ang TelePBS. Maaari mong mahanap ang mga bagong mapagkukunan sa aming [website](#).

Paano makipag-ugnay sa NDIS Commission

Maaari kang tumawag sa amin sa 1800 035 544. Ito ay isang libreng tawag mula sa mga landline. Ang aming contact centre ay bukas mula ika-9.00 ng umaga hanggang ika-5.00 ng hapon (ika-9.00 ng umaga hanggang ika-4.30 ng hapon sa NT) Lunes hanggang Biyernes, hindi kasama ang mga pampublikong piyesta opisyal.

Bilang kahalili, maaari kang mag-email sa contactcentre@ndiscommission.gov.au

Mga paraan upang makagawa ng reklamo

Kung nais mong gumawa ng reklamo sa amin, maaari kang:

- **tumawag:** 1800 035 544 (libreng tawag mula sa mga landline) o TTY 133 677. Maaring makipag-ayos sa mga Tagapagsalin (Interpreter).
- **gamitin** ang [National Relay Service](#) at hilingin ang 1800 035 544.
- **kumpletuhin** ang isang online na [complaint contact form](#).

Sundan kami

LinkedIn: www.linkedin.com/company/ndiscommission

Facebook: www.facebook.com/NDISCommission

Mag-subscribe sa newsletter na ito

Kung may nagpasa sa iyo ng email na ito, ngunit mas gugustuhin mong ipadala namin ito sa iyo nang direkta sa hinaharap, maaari kang mag-subscribe sa pamamagitan ng pagpuno sa [subscription form](#).